

# 1

“Mi, mamaya na ang birthday party ni Jared, pupunta ka ba?” tanong ni Lucy sa kanya. Si Jared ay kakilala nila na kaibigan din ni Joseph, ang nobyo ng best friend niya.

“Oo naman. Ano ang gagawin ko rito? Ayokong maiwang mag-isa rito. Si Ann ay palaging si Mike ang kasama.”

“Maghanap ka na kasi ng new boyfriend.”

“Naku! Mabuti pang huwag na muna. Iyong huli nga ay kamuntik pa akong gahasain, mabuti na lang at naisipan kong sapakin ng sapatos,” sagot niya.

“Nalulungkot ka bang mag-aasawa na si Ann?”

“Medyo, pero masaya ako na nakahanap na siya ng kaligayahan. She really deserves it.” Ang pinagusapan nila ay ang isa nilang kaibigan na ikakasal na in few weeks.

“Tell me, is Marty not cute for you?” Ang nabanggit na lalaki ay ang kaibigan ni Mike na ipinakilala sa kanila, napag-alaman niyang pamangkin pala ito ng kanyang boss.

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

“He is. Pero mukha namang walang interes sa akin. Isa pa, hindi ako naghahanap ng bagong nobyo. I need space.”

“Naiintindihan ko pero huwag kang magsara ng pintuan kapag may kakatok,” paalala ni Lucy.

Pinili niyang ibahin na ang usapan. “By the way, are you okay meeting with your ex na siyang boss ko?” Si Tony ay ang boss niya sa trabaho at kaibigan din ni Mike.

“I’m fine. Ang sa amin ay in the past na. Though, I did not want to see him face to face, and worse, talking. Pero hindi maiwasan dahil kaibigan siya ni Mike. Bahagi na siya ng nakaraan at ayoko nang balikan.”

“Sabagay, masaya ka naman kay Joseph.”

Nakangiting tumango si Lucy. “Iwan na muna kita at magsi-shower pa ako. By the way, I don’t believe na hindi mo type si Marty. Kung makatingin ka kasi sa kanya ay parang lalamunin mo na,” tudyo nito bago siya iniwan.

Totoo ang sinabi ng kaibigan ni Minnie. She was attracted to Marty, pero naipangako niya sa sarili na ayaw niya munang makipagnobyo.

## *A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

Ang mga naging nobyo niya ay katawan lamang ang habol sa kanya. Lahat ay gusto siyang maikama, pero pinairal niya ang isip kaya walang nagtagumpay ni isa sa mga ito.

Minnie hoped to find true love, kaya lang ay sadyang hindi pa dumating ang suwerte sa kanya. She longed for a man who could truly love her, not just wanting to bed her.

Best asset kasi niya ay ang malulusog niyang hinaharap kaya hinahabol siya ng mga lalaki. Pero hindi siya katangkaran katulad ng dalawa niyang kaibigan. Siya ang shortie sa kanilang tatlo at hindi siya slim. Malaman ang tawag ng mga lalaki sa kanyang katawan.

At the age of twenty-seven, Minnie enjoyed her life very much kahit malayo sa pamilya at hindi pa niya napag-iisipan ang pag-aasawa. Hindi pa kasi niya alam kung ano ba ang dream guy para sa kanya.

---

It was Saturday night and she hoped she would have fun at the party.

“Mi, are you ready?” tanong ni Lucy nang kumatok ito sa pinto ng kanyang silid.

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

“Yes, I’ll be out in a minute.”

Nadatnan niyang naghihintay si Lucy sa sala.

“P’wede ba akong sumabay sa ’yo? Ayoko munang magmaneho ngayong gabi,” sabi niya.

“Sure. Who knows baka mamaya ay may maghahatid pa sa ’yo pauwi,” saad nito at kumindat pa sa kanya. Pareho silang napabungisngis sa isiping iyon.

Marami nang tao sa bahay ni Jared nang dumating sila. Hinanap nila ang celebrant para bumati at ibigay ang dala nilang regalo.

“Thank you, ladies. I hope you will enjoy the party,” saad nito sa kanila.

“Lu, nandito na ba si Joseph?” baling ni Minnie sa kaibigan na nasa cellphone ang atensyon at nakakunot ang noo.

“Nakatanggap ako ng message just now na hindi siya makakarating. Isinugod daw kasi ang mommy niya sa ospital.”

“Oh, that’s not very good.”

Hindi agad nakasagot ang kaibigan niya nang mapatingin sa ibang direksyon. Napagkit ang mga

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

mata nito sa mga bagong dating, si Tony at ang nobya nito. She noticed Lucy was frowning.

Siniko niya ito. “Are you okay?”

“Joseph is not here so I’m not okay. Okay lang bang iwan kita? Puntahan ko na lamang siya sa ospital,” sagot nito pero ang mga mata ay nakatitig sa pareha. Malakas ang kutob niyang may nararamdamang pa si Lucy sa dating nobyo nito.

“I’ll be okay. Sige na, puntahan mo na lang si Joseph,” natatawang pahayag niya.

Naki-join si Minnie sa grupo ng mga babaeng kakilala niya. At sumabay rin siya sa mga ito habang nagdi-dinner. Drinks were served afterwards.

Mayamaya ay nagsimula na ang pagtugtog ng inarkilang banda. Nagsilapitan ang mga lalaki sa kanilang mesa at inayang magsayaw ang mga kasama niya. Unfortunately, naiwan siyang mag-isa sa upuan.

“Would you mind to have a dance with me?” tanong ng isang lalaki mula sa kanyang likuran. Biglang lumundag ang puso ni Minnie. She recognized the voice, ang tinig na gusto niyang marinig. Tumayo siya at humarap sa taong iyon.

“Oh... hi, Marty. Nandito ka rin pala,” nakangiting

### *A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

pahayag niya. Napatitig siya rito. He's like a god standing in front of her. Attracted siya sa lalaking ito. Sa una pa lang nilang pagkikita ay nabighani at napahanga na siya rito. Si Marty ang pinakaguwapong lalaking nakilala niya. In a meal, he's much like a dessert. Sinuyod niya ito ng tingin. *Oh yes, he's delightful to look at.*

"So, can I have a pleasure to have a dance with you?" nakangiting untag nito sa kanya. He stared at her, too.

"Of course." And she put her hand on his open palm. He led her toward the dance floor.

"The guys would feel sorry for leaving you alone tonight," anito.

Tinawanan lamang niya ito.

Sari-saring emosyon ang naramdaman ng dalaga nang hawakan ng kasayaw ang kanyang kamay. Mas lalo pang nadagdagan iyon nang hawakan siya nito sa baywang. She put her hands on his shoulders. Perfect. Sweet music ang ipinatugtog. She would find out how it would feel to be so close to him at ang pakiramdam na nasa mga bisig nito.

Bigla siya nanginig nang maramdaman ang kakaibang pag-iinit ng kanyang katawan. Napapitlag

### *A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

siya sa mabilis na pagtibok ng puso niya. Napatitig siya sa lalaki para tantiyahin kung ganoon din ba ang naramdaman nito. The way he looked at her, parang sinabi na nitong pareho ang kanilang naramdaman.

Their heads came so close. She tried to make herself steady, para na kasing nangangalog ang kanyang mga tuhod. Talagang kakaiba ang dating ni Marty sa kanya. Hanga rin siya sa pagiging successful businessman nito. Now, at age thirty-four, he's a good catch and women swooned over him. Isa na siya sa mga babaeng iyon.

At ang macho nito! He was so yummy, napapalunok siya pag nagagawi ang kanyang mga mata sa matipuno nitong katawan. Ang bose nito ay parang musika sa kanyang tainga, deep and modulated. Matangkad ito, guwapo, at mestizo. Nakakalunod ang abuhin nitong mga mata na nakakaengganyong matitigan.

Ang una nilang pagkikita ay noong nag-dinner sila sa condo unit ni Mike to celebrate the first month relationship of Ann and Mike. Nagkita sila ulit sa apartment nila ni Lucy nang magkaroon ng paliwanagan kay Ann dahil sa isang misunderstanding. At muling nagkrus ang kanilang mga landas sa party na ibinigay ng bagong engaged couple. She learned a lot about him from Mike.

## *A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

Minnie was really attracted to Marty. First time niya itong naramdam sa isang lalaki. But she was not sure if he even liked her. He was usually quiet and observant kapag nasa grupo sila. But now, he acted differently. And now, she was dancing with him.

“Minnie, do you feel what I feel?” untag nito sa kanya.

“Ano’ng ibig mong sabihin?” She pretended she didn’t understand what he meant.

“Oh, I must be hoping. Malamang ako lang ang nakaramdam.”

Hindi siya sumagot, nginitian niya lamang ito.

“May magagalit ba kung ayaw kitang tantanan ngayong gabi?” tanong ng binata habang umiinom ng alak na kinuha nito sa server. Patuloy pa rin sila sa pagsayaw nang mga sandaling iyon.

“As far as I know, I’m single and free,” she replied and giggled like a schoolgirl.

“Lucky me, then.” He gave her a flirtatious smile.

“I’m surprised na pinansin mo ako. You weren’t really so friendly with me,” prangka niyang sambit.

He gave her a dark captivating smile. “Nagkakilala

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

lang tayo just recently kaya observant lang ako sa mga bagong kakilala.”

“You mean, you are cautious. Naiintindihan ko iyan. After all, you are somebody.”

“Hindi iyan ang ibig kong sabihin. It’s just in my nature to be observant kapag mayroong nakakapukaw sa interes ko.”

“Oh... and that would be...?”

“Ikaw at ang mga kaibigan mo.”

“Of course, since isa sa amin ang ikakasal sa kaibigan mo. Do you have any objections?”

“Certainly, none. I like Ann, pinasaya niya si Mike at siguradong magiging masaya ang pagsasama nila. Ikaw, kailan naman ang balak mong mag-asawa?”

“Wala pa sa bokabularyo ko iyan. I still want to enjoy my freedom.” Nanlaki ang mga mata ni Minnie nang idikit masyado ng lalaki ang katawan nito sa kanya. It was too indecent. Ang mga mata nito ay nakatingin sa kanyang bibig. She had a feeling that he wanted to kiss her right there. His warm breath sent shivers against her neck when she turned her face away. His warmth penetrated her skin. She groaned inwardly dahil naramdaman niya ang kakaibang

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

sensasyon. Ngayon ay alam na niya ang pakiramdam niyon, wrapped in his strong arms. It felt good.

“Masyado ka yatang dikit sa akin. Sigurado ka bang hindi ako sasabunutan ng girlfriend mo kapag nakita tayo?” pahayag niya, trying to divert her emotions.

“Wala akong girlfriend sa ngayon.”

Ikinagagalak niya ang sagot nito if he was not lying. “Hmph! With your looks, parang imposible yata.”

“What about my looks? Tell me,” he teased.

She swallowed before answering, “Guwapo, mestizo at matangkad. Type ng mga kababaihan.”

“Kasali ka ba roon?” tanong nito na ikinapula ng mga pisngi niya.

“You’re conceited, aren’t you?”

“Hindi naman, umaasa lang ako.”

Hindi niya ito sinagot. And then, the music stopped. “Do you mind if we sit down?” tanong niya bago pa man ito makahingi ng isa pang sayaw.

“Oo naman.” And he led her back to her table. “Would you like a drink?”

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

“Yes, please.” Iniwan muna siya nito para ikuha siya ng maiinom.

Napangiti sa sarili si Minnie. Hindi niya inasahan na naroon din ang lalaki. Malamang kakilala nito ang celebrant. So, her stay wasn’t wasted, after all. Aaminin niya, nag-e-enjoy siya sa company ni Marty.

She smiled secretly when she saw him walking back to the table. Hawak nito sa dalawang kamay ang inumin.

“By the way, nandito rin ba ang kaibigan mong si Lucy?” tanong nito pagkatapos ibigay sa kanya ang inumin. “Nandito rin kasi si Tony.”

“Umalis din siya agad. Hindi kasi makakarating ang botfriend niya kaya pinuntahan na lang niya ito. Anyway, so what kung nandito ang ex niya?”

“Wala lang. It’s just that they looked awkward kapag nagkikita at nagkakatagpo sila. She would have been my aunt kung nagkatuluyan sila ni Tony.”

“Oo nga. Pero kung hindi talaga sila para sa isa’t isa ay hindi talaga.”

“Tama ka. Maiba tayo, nagtatrabaho ka pala sa kompanya ni Tony.”

“Yes, I’m the accountant of *FSM Industries, Inc.*

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

Tony is my big boss. Huwag mo akong ipasisante, ha,” himig-biro niya.

Napatawa si Marty. “Tony praises you so much, I don’t think I’ll succeed even if I try.”

“And I’m talking to the owner of *Neslo Regal Hotels*. How come you came here without a date?”

“I do have a date, ikaw.”

Si Minnie naman ang natawa. For the first time, they had a normal talk. Ngayon lamang sila nagkausap nang silang dalawa lang. Kung anu-ano ang kanilang pinag-usapan. They became oblivious of what’s going on around them. For them, it seemed they were in another world, and they were locked on each other.

Masarap din pala itong kausap. Napag-alaman niyang pareho silang nahilig sa isang old series na *The Persuaders*.

“I liked the episodes I saw, pero hindi ko napanood lahat. It was father’s favorite series and I caught him watching it so I decided to watch it too. Unfortunately, hindi niya ako pinayagang panoorin lahat dahil mada-divert lang ang utak ko. I was only in high school that time,” paliwanag ng dalaga.

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

“Since then, you never tried to watch it again?”

“Nakalimutan ko dahil naging busy ako sa pag-aaral. Nang matay si Dad, sinubukan kong hanapin pero hindi ko mahagilap. Of course, some of the episodes were available to download on the Internet, pero mas mainam kasi iyong may collection ng whole series para continuous kapag nanood.”

Marty looked thoughtful after hearing what she said. “Kung gusto mo ay ipahihiram ko sa ’yo ang collection ko. Years ago, I bought it from someone on eBay. Na-curious kasi ako tungkol sa ibang movies at series ni Roger Moore.”

She was astonished. “Sigurado kang pahihiramin mo ako?”

“Oo naman. Ngayon na sana kaya lang nasa bahay ko ito.”

She was excited. “I would really like to have it as soon as I can. Watching it would also relish the memory I had with my dad.”

Tinitigan siya ng lalaki, at may concern sa mga mata nito. “I can go now and get it for you,” sinserong sambit nito.

Namangha siya sa abrupt nitong offer. “Mas

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

mabuti pa sumama na lang ako sa 'yo. Wala na akong balak na bumalik rito after, I would rather go home and watch it."

"So, you're not enjoying much this party?"

Minnie shrugged her shoulders. "It's a party, all right, but I have been to many parties I wouldn't mind leaving before others start leaving."

"Then, we should leave."

"Oh... Pero wala akong dalang kotse."

He grinned. "Hindi iyan problema. Sasabay ka lang sa akin. Ihahatid din kita pauwi sa apartment mo pagkatapos. Shall we go?"

Tumango siya at naunang tumayo.

Hindi niya magawang tanggihan si Marty. Wala namang masama kung hihiramin niya rito ang collection nito ng lumang palabas. He offered to her in the first place. Isa pa, they were not strangers to each other anymore. Madalas silang nagkikita kapag nagmi-meet ang kanilang common friends na malapit nang ikasal na sina Mike Hernandez at Ann Fuentes.

## 2

Humantong sila sa condo unit nito. She was delighted when he handled her the set of discs. Inalok din siya nito ng maiinom na hindi niya tinanggihan. Hawak ang mga kopita ng brandy, magkatabi silang naupo sa malambot na couch. Sa tuwing susulyapan ni Minnie ang binata ay nakatingin din ito sa kanya.

“Tell me, ilan ba kayong magkapatid na lalaki? Baka mas guwapo ang kapatid mo.” Naningkit ang mga mata niya na tumitig dito. She would like to know him more.

“Dalawa lang kaming magkapatid, ako at ang nakababata kong kapatid na si Brandon. Pero malayong mas guwapo ako sa kanya,” nakangisi tugon ni Marty.

“Hmph! Conceited ka ngang talaga. Close ka ba sa mga magulang mo?”

“Close kami sa aming pamilya. My dad is like a friend to me at ang mom ko naman ay very open. I’m an architect by profession, but I chose to go into hotel business because of my dad’s influence. He is an American businessman, at sa kanya ko natutunan

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

ang pagnenegosyo. Ang mother ko naman ay isang Mercado, galing sa angkan ng mga negosyante.”

“Nagagamit mo rin ba ang pagiging architect mo?”

“Oo naman. All five *Neslo Regal Hotels* ay gawa ko.”

“Wow, really amazing!” she commented.

“Thanks. Tony didn’t mention before na may maganda palang accountant sa kompanya niya.” He turned the table on her.

Natawa ang dalaga. “Tony is a good boss. Pero mas guwapo ka sa kanya, tisoy ka kasi.” Napatigil siya nang makitang kakaiba ang paraan ng pagtitig ng lalaki sa kanya. “Bakit ganyan ka makatingin sa akin?” tanong niya. His hot gaze warmed her and made her shudder at the same time.

“Gusto mo bang sagutin ko nang totoo ang tanong mo?” Mapanukso ang mga mata nito, hindi pa rin inaalnis ang titig sa kanya.

“Oo,” she answered daringly.

“Gusto kasi kitang halikan kanina pa. You have a sexy, pouty lips and a kiss would probably felt good.”

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

Hindi siya nasorpresa sa sagot nito dahil ganoon din ang nasa isip niya, she was indeed hoping he would kiss her now.

“Why don’t you do it?” And she put her glass down on the center table. At tila iyon lamang ang hinihintay nito, ang pagsang-ayon niya.

Marty looked into her eyes and leaned close to her face. “You’re not kidding, right?”

“No. I wanted to taste your kisses. So stop talking now, just start kissing bago pa magbago ang isip ko.” She pouted her lips provoking him. Agad siya nitong kinabig padikit sa mainit nitong katawan. Willingly, ikinawit niya ang mga kamay sa leeg nito.

His lips touched hers softly. Mas lalo pang bumilis ang pintig ng puso ni Minnie. He kissed her with slow lingering thoroughness, tracing her lips with his tongue. Kinagat-kagat nito nang marahan ang ibabang bahagi ng kanyang labi. Napasinghap siya sa sensasyong nadarama. Sinamantala iyon ng binata; his tongue thrust inside and tasted her. Napaungol sila pareho.

He kissed her again, hungrily and fiercely this time. She kissed him back without reservations hanggang sa naging malikot na ang kani-kanilang

mga kamay. Napasinghap siya nang hawakan nito ang kanyang hinaharap.

Walang salitang binuhat siya ni Marty at dinala sa silid nito. Her mind became completely lost nang walang patid siya nitong halikan. Sumayad ang likod niya sa malambot na kama. She moaned when he started kissing her neck, then his mouth travelled lower. At inisa-isang hinubad ng lalaki ang nakasagabal niyang splot. Nakadama siya ng hiya nang suyurin nito ang buo niyang katawan ng malalagkit nitong tingin.

“Oh, you’re beautiful.” And he caressed her nakedness. Nanginginig siya sa maiinit nitong haplos. It was hot like fire. Something inside her yearned to be touched and sated.

“Remove your clothes. I want to see you naked like me. I want to touch you, too,” pangahas niyang sambit.

Hindi magawang kumurap ni Minnie nang isa-isang alisin ng kaniig ang splot nito. Napalunok siya sa nakita. She was enthralled by his perfect body—lean and muscular. Muli itong dumagan sa kanya, ang kanilang mga mata ay nakatutok sa isa’t isa.

“I wanted you the first time I laid eyes on you.”

## *A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

She melted on his words. He kissed her lips with fire and gentleness. His mouth gave her so much pleasure she never knew existed. She moaned again and again when he caressed her every skin and savored her delicate parts.

There was still consciousness left in her, pero hindi niya kayang ilabas ang bose para patigilin ang lalaki sa ginagawa. She was in so much pleasure that she's begging he would not stop. Hindi tumigil si Marty, sa halip ay pinagbuti pa nito ang ginagawa sa kanya. Napaungol na lamang siya sa sarap.

He turned his attention to her neck. She tilted her head slightly to give him better access. Pababa nang pababa ang paghalik nito, sending jolts of pleasure cascading all the way down to her toes. His tongue tasted every inch of her hot, moist skin

Hindi rin niya mapigil ang sarili. She touched his hairy chest, his shoulders and held his hair when he began kissing her breasts. At kaunting-kaunti na lang ay sasabog na siya. He was aroused, she felt it. But then, hindi pa rin tumigil ang binata sa pagsamba sa buo niyang katawan. Pababa nang pababa ang paglakbay ng bibig nito. She couldn't believe when he kissed her down there. She almost jumped out of bed because of the unexpected bolts of pleasure that

she felt.

Palakas nang palakas ang bawat ungol niya. Maging ito ay umungol. He took her mouth again and kissed her possessively. Using one hand, he parted her legs and positioned himself in between. Mayamaya ay naramdaman niya ang unti-unting pag-angkin nito sa kanya. Naramdaman din niya ang sakit sa pagkapunit sa kanyang iniingatang pagkababae. Tears streamed from her eyes.

“I’m sorry, I didn’t know. I will go slow.” He kissed the tears off her wet face. Huminto ito sa ginagawa. “Sabihin mo lang kung gusto mong ituloy pa natin ito. The pain should not last very long. Just tell me, sweetheart.”

Marty cared and it’s enough to accommodate him. She opened her legs widely at sinubukan niyang gumalaw sa ilalim nito. Gusto niyang ibigay rito ang buong sarili.

“Baby, are you sure?” tanong nito na may concern sa mga mata.

“Yes, I want you all the way inside of me,” honest niyang sagot.

He moved carefully and slowly, testing her pain. Then he pulled and thrust deeper and deeper until

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

she screamed his name in wild ecstasy. She felt light-headed and in heaven.

Marty didn't stop taking her until he cried out when he reached his peak. Humihingal na bumagsak ito sa ibabaw niya.

"Oh, goodness! I never felt this good before," he said, his eyes still dazed with passion. "You are the sexiest woman in the world."

Napangiti si Minnie sa sinambit nito. He removed himself from her and rolled to the side. He took her into his arms. "I want you again," bulong nito sa kanyang tainga na ikinakiliti niya. She giggled. She didn't expect that lovemaking would be that great.

"Hindi ka pa ba pagod?" tanong niya nang magsimula ulit maging malikot ang mga kamay ng lalaki. His touch made her forget everything.

"The way I feel with you, it makes me want you more."

They made love twice that night. Nakadama ng antok ang dalaga. Marty wrapped his arms on her. Inihilig niya ang ulo sa dibdib ng lalaki at ipinikit ang mga mata. Then she drifted into deep slumber.

---

## *A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

Minnie woke up in the arms of a man sleeping beside her. Dahan-dahan niyang inalis ang braso nitong nakayakap sa kanya. Dinalangin niya na sana ay hindi ito magising. Malakas ang kabog ng kanyang dibdib, she tried to calm herself para makaalis siya sa silid nang walang alingasngas. Tumitig muna siya sa mukha nito bago siya dahan-dahang bumangon.

Kinilabutan siya sa kanyang nagawa; she ended up spending a night with Marty in his bed. Hindi siya makapaniwalang nagawa niyang ibigay ang sarili sa lalaking walang relasyon sa kanya. Nagsitayuan ang mga balahibo niya nang maalala ang lovemaking nila.

*Sana hindi siya magising. Anong mukha ang ihaharap ko kay Marty after this night?*

Pinulot niya ang nakakalat niyang mga damit sa sahig at nagmadaling nagbihis. She grabbed her shoes and her purse. She tiptoed her way out of the room. Nakahinga siya nang malalim nang tuluyang makalabas ng silid.

Nag-taxi siya pauwi. Alas dos na nang madaling-araw nang makarating siya sa kanyang apartment.

Mabilis siyang nagtungo sa banyo at naligo. Kinuskos niya ang sarili para makalimutan ang init na idinulot ng lalaki sa kanyang katawan. Pero kahit ano

## *A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

pa man ang kanyang gagawin, hindi pa rin matanggal sa isipan niya ang maalab na tagpong nangyari sa kanila. She thought cold bath could help her but it didn't. Mas lalo pa tuloy siyang naghahanap ng warmth matapos niyang maligo. She cursed herself for what she did.

*How did it happen that I lose my control? Oh God, forgive me.*

It was only a one-night affair at hindi na mauulit pa. Pero hinding-hindi niya makakalimutan ang masayang gabing pinagsaluhan nila ni Marty.

---

Marty woke up the following morning, but Minnie was gone. Wala na ang babae pero naiwan pa rin ang amoy nito sa kanyang kama. Nakangiting tumihaya siya.

*Oh, Minnie, you drive me crazy!*

Nagpasya siyang sa hapon na lamang pumasok sa trabaho. Kinailangan pa niya ang ibayong concentration para magawa nang tama ang dapat niyang gawin. But Minnie invaded his mind.

“I’m already thirty-four and feeling like an infatuated teenage boy. I’m ridiculous!” aniya sa

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

sarili nang hindi niya magawang iwaglit ang babaes sa kanyang isip. He had to see her soon.

Nang gabing iyon, napagawi siya sa bar na madalas nilang puntahang magkakaibigan. Nadatnan niya roon si Tony na mag-isang umiinom. Tony was his mother's younger brother, pero hindi niya ito tinatawag na 'uncle' dahil magkaedad lamang sila at ito ay matalik niyang kaibigan.

"Tony, bakit nag-iisa ka? At mukhang may problema ka yata," pansin niya.

"Sinabi mo pa. Akala ko nakapag-move on na ako, pero ang pagkikita namin ni Lucy ay siyang nagpapabalik sa alaala ng nakaraan namin."

"May nararamdaman ka pa ba sa kanya?"

Nagkibit-balikat ito. "I don't know. Akala ko nakalimutan ko na siya."

Tumahimik na lamang siya at hindi na nagtanong pa nang makita ang painful expression nito.

"Parang masaya ka yata," pansin ni Tony sa kanya.

"I had a great girl in my bed last night. I couldn't forget her, her face, her smile, her smell, her everything." Hindi siya nagbanggit ng pangalan.

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

Hindi na dapat malaman pa ni Tony kung sino ang babaeng tinutukoy niya.

“I never thought na p’wede ka palang tamaan nang ganyan. Sana ito na ang babaeng katapat mo. Magseryoso ka na kasi, ayaw mo bang mag-asawa tulad ni Mike?”

“Are you kidding me? I’m happy being single.”

“Tingnan natin kapag ma-in love ka na talaga kung masasabi mo pang hindi mo papangarapin ang magkaroon ng sariling pamilya na kasama ang babaeng mahal mo.”

“Well, I’m not in that situation yet,” kontra niya.

“Hindi mo ba naisip na may problema ka na ngayon? Kapag may isang babaeng hindi mo makalimutan kahit na isang gabi lang kayo nagkasama, ibig sabihin may puwang na siya sa puso mo.”

Napamulagat si Marty. “Ano? Nagbibiro ka ba?”

“Let’s wait and see.”

“Yeah, right. Kung makapagsalita ka ay para kang expert sa relationship. You failed in relationships, too,” buwelta niya.

Subalit hindi pinansin ni Tony ang kanyang sinabi nang may mapansin ito.

“Oh, there’s Andrea.” Ang fiancée nito ang nakita. “Bye, Marty,” anito at sinalubong ang bagong dating na babae. Hindi pa siya tapos sa pakikipagdebate sa kaibigan, pero nakatakas na ito.

Naisipan niyang umuwi na lang. He didn’t like staying in the bar anymore.

Isang shot ng whiskey lamang ang kanyang ininom bago niya naisipang mahiga sa kama. He felt his bed was cold. Hinahanap-hanap niya ang init na ipinaramdam ni Minnie sa kanya.

Nababaliw na yata siya for this sudden longing. The bed reminded him of everything that night. The most wonderful night of his life. *Minnie, what have you done to me?*

Naalala niya noong una silang nagkita. Para siyang na-magnet nang magkatitigan sila. His heart jumped high nang ipakilala sila ni Mike. Halos ayaw na nga niyang pakawalan ang kamay ng dalaga nang makipagkamay sila sa isa’t isa.

She was the most beautiful girl he had met. Looking at her was like facing a goddess. Hindi ito katangkaran pero ang mukha nito ay napakaganda,

### *A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

ang katawan naman nito ay voluptuous. Madalas siyang napapalunok kapag nakatingin siya kay Minnie. She's his type of girl.

Madaling-araw na pero gising na gising pa rin si Marty. Ang babae pa rin ang laman ng kanyang isipan. Reminiscing that unforgettable night, it tortured him. Niyakap niya ang unan and imagined that it was her. Ipinikit niya ang kanyang mga mata hanggang sa nakatulog siya.

---

It was a Wednesday. Nanganganahati pa lang si Marty sa mga papeles na binabasa nang maisipan niyang tawagan si Tony. Gusto niyang bisitahin ang lalaki sa opisina nito. Pero may mas malalim na dahilan kung bakit ginusto niyang magtungo roon. The main reason, gusto niyang masilayan man lang si Minnie.

Nasa elevator na siya paakyat sa opisina ni Tony. Huminto iyong sa second floor dahil may sasakay. When the door opened, destiny had blessed him dahil si Minnie pala ang naghihintay na makasakay. The moment na nasilayan niya ito, his heart was thudding like crazy.

Nasa mukha ng babae ang pagkagitla at nag-

---

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

aalangang sumakay. Ngunit bago pa man magsara ang pinto ng elevator ay hinablot niya ito papasok. Fortunately, wala itong kasama at nag-iisa rin siya sa loob.

“Why did you do that?” asik nito at nagpumiglas nang hawakan niya ang kamay nito.

“Gusto mong sumakay, hindi ba? I was only doing you a favor kaysa naman maipit ka. I’m sure you would not like that.”

“You could have push the button to keep the door open.” Namumula ang mga pisngi nito habang nakatingin sa kanya.

“Sorry, hindi sumagi sa isip ko,” Marty said, but not really feeling sorry. Nabigla lang kasi siya and the opportunity na puwede niya itong makasama ang nagtulak sa kanya na gawin iyon. It felt so good being near her again. Umasa siya na sana ay walang sasakay para makapag-usap sila kahit ilang minuto lang.

---

“You spoiled brat!” she uttered, sabay pindot ng number four. They were heading to the same floor.

“By the way, nakalimutan mong dalhin ang *The*

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

*Persuaders.* Akala ko gusto mo 'tong mapanood," he reminded her.

"I don't want it anymore," she snapped, her cheeks red.

Ngumisi si Marty at inilapit niya ang mukha sa mukha nito. Isang dangkal na lang ang distansya sa pagitan nila. Nasa mukha ng babae ang pagkaalarmar at iniharang agad nito ang dalawang braso.

"What are you doing? Huwag ka ngang lumapit sa akin," nanginginig ang tinig na sabi nito.

"Bakit, nakalimutan mo na ba ang amoy ko? Ako hindi, your scent haunts me every night. Can you imagine the torture it gave me?"

Napasinghap si Minnie sa kanyang sinabi at sinadya pa niyang idikit ang katawan sa dalaga. Bago pa man niya ito naisipang halikan ay tinadyakan nito ang kanyang paa. Napaigtad siya sa sakit, the sharp heel of her stiletto went through his shoe. Dumistansya siya sa babae, pinilit na ininda ang sakit.

"P'wede ba huwag mo na lang banggitin ang kahibangang nangyari sa gabing iyon? I... was not myself. I want to forget it," namumula ang mukhang pahayag nito at hindi makatingin sa kanya nang diretso.

Hindi makapaniwala ang binata. Paano nito nasasabi iyon gayong ibinigay nito sa kanya ang pagkababae nito?

Bumukas ang elevator sa fourth floor. He had to say something before she got away from him. “How can you say na kalimutan ang masayang gabling pinagsaluhan natin?” He sounded incredulous.

Minnie was horrified and she paled. Saka lamang niya napansin na may dalawang female employees palang naghihintay na makasakay sa elevator. No doubt narinig ng mga ito ang huling sinabi niya. He felt so stupid.

Minnie recovered first at nagmadaling lumabas. He got out right after her. Halos tumakbo ito para makalayo sa kanya, but he caught up with her. He gripped her elbow to stop her from walking fast.

“Minnie, wait!”

She turned to face him. Her expression showed anger and humiliation. “What right do you have to humiliate me like this?”

“I’m sorry. Hindi ko iyon sinadya. Hindi ko kasi naisip na may sasakay pala.”

“Sorry? Alam mo ba ang ginawa mo? You gave

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

them reasons to gossip about me,” galit nitong sambit. “Let me remind you, mister, it was only a one-night affair and nothing more. Wala tayong relasyon, and that was it. That one night was a mistake and I have no intention of doing it again. Bakit ba naman kasi ikaw pa ang nakita ko nang gabing iyon?” Tumalikod ito at naiwan siyang natigagal.

Hindi na itinuloy pa ni Marty ang pagpunta sa opisina ni Tony. Mas maging bumalik na lamang siya sa kanyang trabaho. His encounter with Minnie turned out awful. Ngayon ay galit ito sa kanya, and he couldn’t blame her. Kasalanan niya, he was too consumed by her presence, kaya hindi niya alintana na may audience pala sila.

# 3

It was Saturday afternoon, galing siya sa bahay ng kanyang mga magulang at pauwi na sa kanyang condo unit nang mapadaan siya sa isang flower shop. Marty stopped and bought some flowers. Naisipan niyang bigyan ng bulaklak si Minnie at humingi na rin ng tawad sa nagawa niya. Hindi niya kayang tikisin ang nararamdam, he had to talk to her at masinsinang humingi ng tawad. Desidido na siyang ligawan ang dalaga.

He drove to the girl's apartment at umaasa na kakausapin siya nito.

Pinindot niya ang doorbell at mayamaya ay bumukas ang pinto. Si Lucy ang nagbukas sa kanya. She looked surprised. "O, Marty. Si Minnie ang sadya mo, right? Hindi niya binanggit na may lakad kayo," nahulaan nito ang kanyang pakay.

"Wala akong binanggit sa kanya," may pag-aalangan niyang sabi.

"I see. Gusto mo siyang sorpresahin. Pasok ka, nasa silid pa kasi si Minnie at naliligo."

Niluwagan nito ang bukas ng pinto.

Iginiya siya nito sa sala at pinaupo sa sofa. “Maupo ka muna diyan, may kukunin lang ako sandali sa silid ko,” sabi nito bago siya iniwan.

Kinakabahan siya habang hinhintay ang paghaharap nila ni Minnie. He wished Lucy wouldn’t be there to listen to what he had to say.

Ilang minuto pa lamang siyang nakaupo nang bumukas ang isang silid at nanlaki ang mga mata niya nang lumabas si Minnie na nakatuwalya lang, the towel barely covered her body. Napalunok siya nang ilang beses at hindi maialis ang paningin sa katawan nito.

Napanganga ito nang makita siya. “What the hell are you doing here?” Mataas ang tono nito habang maingat na hinawakan ang tuwalya sa katawan. He saw the change of color on her face, from white to red. She looked at him with confusion in her eyes.

Bago pa man siya makasagot ay bumalik na sa sala si Lucy. “O, Mi, tapos ka na ba niyan maligo?”

“Eh, kasi... I run out of shampoo. P’wede bang makahingi sa ’yo?”

“Shampoo lang pala. Teka lang at kukunin ko. Oo nga pala, pinapasok ko na itong si Marty, kawawa naman kung maghintay sa ’yo sa labas,” paliwanag

ni Lucy bago bumalik sa silid nito.

He was about to open his mouth nang bigla na lang tumalikod si Minnie at nagmadaling bumalik sa silid nito. Ah, wrong timing. Pero neroon na siya, alangan aatras pa.

Lucy walked past him. “Ibibigay ko muna itong shampoo sa kanya.”

Tumango lamang siya at ngumiti.

Bumalik sa sala ang babae at ini-entertain siya. “Gusto mo ba ng maiinom?”

“Huwag na. I’m fine.”

Napatingin ito sa bouquet na hawak niya. “You brought the right flowers for her. Paborito ni Minnie ang mga roses.” At nag-thumb-up ito sa kanya.

“Okay lang sa ’yo na manligaw ako sa kaibigan mo?”

“Bakit naman hindi? I know you like her. I observed the way you look at her.”

“I thought you would be against me because of the past you had with Tony.”

“Labas ka na roon. Kami ni Tony ay hindi para sa isa’t isa. Now, we have moved on and have our own

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

lives. Isa pa, matagal nang nangyari ang anumang mayroon sa amin ng tiyu hin mo. Sige, maiwan na muna kita rito at maglilinis pa ako sa kuwarto. Minnie will be out any minute now,” pahayag nito.

“Thanks, Lucy.”

Fifteen minutes ang hinintay ng binata bago muling lumabas sa silid si Minnie na bagong paligo. Her smell invaded his senses. Pero makulimlim ang mukha nitong nakatingin sa kanya.

Nakatayo itong nakapamaywang. “Hindi ka pa ba uuwi?”

He stood up and gave her the flowers, pero hindi nito iyon tinanggap. Nakatingin lamang ito sa mga bulaklak.

“Para ano ang mga flowers na iyan?”

“I want to say sorry for that elevator incident,” he said sincerely.

“Hindi mo kailangang pumunta pa rito.”

“Sorry talaga. Please, tanggapin mo itong bulaklak kung tinatanggap mo ang pag-sorry ko. Please... I mean it.”

Nagkasukatan sila ng paningin at ang babae ang

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

naunang nagbaba ng tingin. “Sayang naman ang mga magandang bulaklak na iyan.” Tinanggap nito iyong na ikinaluwag ng dibdib niya.

“Thanks. So, can I take you out to dinner later?” He stretched out his luck.

“What?”

“Puwede ba kitang imbitahan mamaya for dinner?” ulti niya.

“Are you trying to date me?” she asked amusedly.

He stood still and looked straight into her eyes.  
“Yes.”

Hindi ito nakasagot agad. “Does your silence mean yes?” tanong niya.

“Sorry, may nag-aya na sa akin ng date at—” Hindi nito naituloy ang ibang sasabihin nang biglang lumabas ng silid si Lucy. Pero sigurado si Marty na narinig nito ang pag-uusap nila ni Minnie.

“I’m sorry. Please, go on whatever you two were talking about. I’ll be in the kitchen,” saad ni Lucy na papunta sa kusina. But she stopped at the doorway and turned to them. “Mi, you can’t really say that a group gathering ay isang date. It would not matter kung hindi ka makakasama sa gimmick. I’m sure

you'll have more fun kung si Marty ang magiging kasama mo for dinner," pahayag nito bago sila iniwan.

Namula ang mga pisngi ni Minnie pagkatapos marinig ang mga sinabi ni Lucy. Hawak ang mga bulaklak na naupo ito sa sofa at mukhang nag-iisip.

Bumalik na rin si Marty sa pagkakaupo at hinintay ang sasabihin nito.

She looked up at him. "Fine, I'll have dinner with you. Hindi naman ako titigilan ni Lucy. Sabihin mo lang kung saan."

"I'll pick you up," he offered.

"Hindi na. I'll drive myself."

"*Diners* in Makati, is it fine with you?"

"Okay," walang kangiti-ngiting sagot nito.

Ikinatuwa niya ang confirmation nito. "I'll see you later then, at seven."

Tumango lang si Minnie. He then stood up at nagpaalam sa dalaga. Hindi na siya nagtagal, sapat na sa kanya na pumayag itong makipag-dinner. Malaki ang ipagpasalamat niya kay Lucy dahil pumayag si Minnie na lumabas kasama siya.

---

## *A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

Naunang dumating sa restaurant si Marty. He felt excited for this first date with Minnie. He made sure he looked his best.

At exactly seven in the evening, dumating si Minnie. Lumundag ang puso niya nang makita ang dalaga. He smiled lovingly sa papalapit na babae kahit na hindi ito nakangiti sa kanya.

With a smile, he stood up to meet her. “Good evening, Minnie.”

“Good evening, too,” she answered with a little smile. He then offered her a seat. “Thanks,” she added.

Nag-order sila ng pagkain nang lumapit sa kanila ang isang waiter. They were seated at the best table of the restaurant with deep chairs.

“So, ano’ng masasabi mo sa nalalapit na kasal nina Mike at Ann?” he began, trying to engage her in a conversation while waiting for their food.

“Masaya ako para sa kaibigan ko. Mike is a great guy, he makes Ann happy. Ang pinakaimportante ay nagmamahalan ang dalawa.”

“Tama ka. Iyan naman ang rason sa pag-aasawa, right? How about you, hasn’t the idea of

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

getting married ever crossed your mind?” He was straightforward with his question.

“I’m happy being single,” she shrugged her shoulders.

“What if you’re thirty, aren’t you going to think about it?” He was curious.

“In three years pa ako magti-thirty kaya hindi ko muna iisipin ang bagay na iyan sa ngayon. If I’m meant to get married, I’m sure it will come at the right time with the right man.”

“That’s very true. Hanggang ngayon hindi mo pa rin ba nahanap si Mr. Right?”

She stared at him. “Hindi pa.”

Somehow, he felt disappointed inside. “Anu-ano ba ang mga katangian ng isang Mr. Right?”

“Masyadong personal ang tanong mo. Hindi ko masasagot.”

“Pasensya na, naging curious lang ako.”

Nang dumating na ang pagkain nila ay doon na naituon ang kanilang atensyon. Tahimik si Marty habang kumakain, hindi kasi niya alam kung ano pa ang sasabihin o itatanong sa dalaga.

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

“How come you’re still single?” tanong ni Minnie na ikinabigla niya.

“Well, hinintay ko ang babaeng magpapatibok ng puso ko,” he answered and looked at her intently.

She lowered her gaze and concentrated on her food, at hindi na nagtanong pa.

Napaisip si Marty habang sinusulyapan ang babaeng kasama niya. Inamin niya sa sarili na si Minnie ang kauna-unahang babae na siyang nagpapabilis ng tibok ng kanyang puso. Being near her felt so right for him. Kahit na noong una silang nagkita sa condo unit ni Mike ay may kakaiba na siyang naramdaman nang magkatitigan sila. At ang gabing may nangyari sa kanila ay hindi niya kayang kalimutan. Ang init na naramdaman niya sa babae ay hindi niya naramdaman sa iba. The feeling was new and exciting.

*Am I in love with her?*

She looked up at nahuli siyang nakatingin dito. Nginitian niya lamang ito at ibinalik ang atensyon sa kanyang pagkain.

They had their glass of wine after the meal. She’s getting more comfortable with him after their dinner. Iniwasan na lamang niyang banggitin ang gabing may

nangyari sa kanila.

“Well, thanks for the dinner,” pahayag nito nang nasa parking lot na sila.

“Salamat din at pinaunlakan mo ako. I did hope na sana wala kang dalang kotse para mahatid kita pauwi,” aniya.

“I do enjoy liberty most of the times. Thanks, anyway. ’Bye,” saad nito bago pumasok sa kotse.

Marty could only smile and waved at her. He had no right to ask her to stay and be with him; after all, wala silang concrete relationship. Wala pa sa ngayon pero desidido siyang ligawan ang babae. Napailing siya habang sinundan ng tanaw ang papalayong kotse nito.

*If you only knew how crazy I am for you, Miss Lopez.*

---

Kahit na ano pang pagkukunwari ang gawin ni Minnie ay hindi pa rin niya kayang iwaksi sa isipan si Marty. His sorry and his flowers ang nagpalambot sa kanyang puso. She didn’t hate him for that elevator incident. She was glad na itinulak siya ni Lucy na makipag-dinner kay Marty, because spending time

### *A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

with him gave her excitement. She hadn't been into dating game for sometime now, but she couldn't resist the tall, macho, mestizo guy she just had dinner with. Ito ang tanging laman ng kanyang isipan. Deeply attracted siya kay Marty.

Ang one night na may nangyari sa kanila ay pabalik-balik niyang naaalala gabi-gabi. Pinagsisihan niya ang pagiging impulsive noon, and she blamed herself for flirting with him. But another part of her reminded her that it was a wonderful experience. Oh, yes, indeed it was.

Marty had great effect on her being kapag nagkakalapit sila, kapag nagkatitigan sila. Nakikita niya sa mga mata nito ang intense desire. She knew how that desire brought them together in his bed. He lusted after her. She sighed deeply. She wanted to be loved.

Katulad ng kanyang inaasahan pagdating niya sa trabaho ay siya ang pinag-uusapan ng ibang kasamahan dahil sa narinig na sinambit ni Marty noong nasa elevator sila. Pero hindi niya ininda ang tsismis. She didn't owe anybody an explanation. At nasa tamang edad na siya para gawin ang gusto niya. Wala silang pakialam sa kanyang buhay kaya hindi niya dapat pansinin ang mga usap-usapan.

## *A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

Minnie decided to have her lunch at a nearby restaurant. She wore a fashionable business suit that fitted her perfectly, with a signature bag on her arm and a pair of stylish shoes. She walked with grace and confidence inside the restaurant.

Maraming lalaki ang tumingin sa kanyang gawi at nginitian siya. Sanay na siya sa kanilang atensyon kaya hindi niya binibigyang-pansin ang mga ito. Naroon siya para kumain, not to entertain any man's attention.

Mag-isa siyang naupo sa isang table na nasa isang sulok. Oblivious siya sa ibang customers na naroon. Inabala niya ang sarili sa kanyang smartphone habang hinihintay ang kanyang order.

Napatingala siya nang mapansing may taong lumapit sa kanyang mesa. Her eyes narrowed nang makita si Andrea na nakatayo sa kanyang harapan. There was malice in the woman's eyes while looking down at her.

“Well, well, well. You are the smart one, aren’t you? You cannot seduce your boss kaya bumaling ka sa pamangkin niya. Sa tingin mo, magaling ka?”

Nagitla si Minnie sa ginawi ng nobya ng kanyang boss. She was horrified nang makitang nasa kanila

### *A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

ang atensyon ng mga tao dahil ang lakas ng boses ng babae. It was scandalous. A mixture of anger and shame ang kanyang naramdaman. It held her speechless.

“Sa tingin mo ba hindi ko alam ang tungkol sa usap-usapan sa loob ng kompanya? I saw you myself na kasama si Marty sa isang restaurant. You are shameless. Masyadong mataas ang pangarap mo. And you think you could use your body to land a good position for marriage?” Andrea sneered.

Bigla siyang napatindig at nanlisik ang kanyang mga mata sa galit. She could not contain her temper anymore.

“Andrea, I know you lack manners, but displaying it in public? Talagang kahiya-hiya, modelo ka pa naman. Let me correct your loose tongue, I never seduced my boss and for the other one, alam mong magkakilala kami dahil sa aming mga kaibigan. But then, bakit ba ako magpapaliwanag sa ’yo gayong makitid ang utak mo.

“It’s none of your business whoever I date. Also, hindi ko kailangang gamitin ang katawan ko kagaya ng sinabi mo to land a rich man for a husband. For your information, my family can afford enough. Now, leave me alone,” she snapped angrily.

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

“How dare you speak to me like that! I can get you fired.”

“Only my boss can do that at hindi ikaw iyon.”

“The moment I married Tony, you will be fired.”

Tumawa siya nang pagak. “Hah! Magpakasal ka muna sa kanya.”

“Bitch!” At hindi niya inasahan ang kasunod nitong ginawa. Isang matunog na sampal ang dumako sa kanyang pisngi. Her cheek flamed at galit na kinuha niya ang basong may lamang tubig na nasa kanyang mesa, and splashed it on Andrea’s face. The other woman was stunned. Good, at nang matauhan ang bruha na siya ay palaban. She didn’t mind if her action could get her fired.

“Ladies, please... maaari bang i-settle natin ang problema in private?” sabad ng isang lalaking staff na lumapit sa kanila.

“You witnessed kung ano ang ginawa ng babaeng iyan sa akin!” Andrea hissed.

“What’s going on here?” Nagitla si Minnie nang makilala niya ang tinig ni Marty galing sa kanyang likuran. She turned and it was him, indeed. Nagkatitigan sila and his gaze went to her red cheek.

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

“Minnie, ano’ng nangyari sa mukha mo?” He looked concerned.

“That bitch splashed water on me,” Andrea complained to Marty nang hindi siya sumagot.

He arched his brow. “Surely, hindi mangyayari iyan kung wala kang ginawa.”

Andrea gasped. “Kinakampihan mo ang cheap whore na iyan?”

“Shut your mouth bago ako makalimot na babae ka. She’s everything but that,” Marty defended her na ikinagaan ng kanyang loob.

“Excuse me, please. Mas mabuting sa manager’s office na natin ituloy ang usapang ito,” pakiusap ng staff.

Kuyom ang mga kamay, iniyuko ni Minnie ang ulo dahil sa kahihiyang nadarama. She groaned in anger and frustration. Plus her stomach growled from hunger.

“I don’t wish to talk anymore.” Andrea turned to leave, pero agad itong napigilan ni Marty sa braso. Mahigpit ang pagkakahawak nito kaya napangiwi sa sakit ang babae. He looked angry.

They followed the staff to the private office. Nang

makapasok sila, Andrea started raving and ranting.

“Shut up!” Marty ordered in an angry tone, and shoved her harshly toward a chair. “Bakit mo sinampal si Minnie?” Nahulaan agad nito na ang namumulang pisngi ng dalaga ay dahil kagagawan ni Andrea. Gustong yakapin ni Minnie ang lalaki sa pagkampi sa kanya kahit hindi nito alam ang dahilan ng bangayan nila ng babae.

“How dare you—” Andrea started. Natigilan ito nang makita ang galit na mga mata ng lalaki.

“Sir, tahimik si Miss Minnie nang sugurin siya at banatan ng insulto,” paliwanag ng staff na siya palang restaurant manager.

“Apologize, Andrea.”

She looked incredulous. “What?”

“Narinig mo ako. If you don’t, sasabihin ko sa lola ang ginawa mong eskandalo. I came here to pick you up dahil hindi makakarating sa usapan ninyong lunch ang matanda. She wanted you to go to her home instead. Napakiusapan ako ni Tony na sunduin ka dahil may ka-lunch meeting siya. Ngayon, gusto mo bang ibandila ko sa buong pamilya ang kahihiyang ginawa mo?”

---

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

Napilitang mag-apologize ang babae sa kanya at sa restaurant manager.

Surprisingly, Marty came to her and touched her red cheek with a gentle caress of his hand. There was tenderness in his eyes as he gazed at her. Naantig ang puso niya sa ipinakitang emosyon nito.

Sina Marty at Andrea ang naunang lumabas ng office. Naghintay muna si Minnie nang ilang minuto bago siya sumunod. Nakalimutan na niya ang gutom. Hiyang-hiya siya sa nangyari at nangakong hindi na siya mapapadako sa restaurant na iyon.

Akala niya magsusumbong si Andrea sa kanyang boss, pero wala siyang narinig mula kay Tony na ikinasiya niya.

---

Nalungkot si Minnie nang mag-isa lamang siya sa apartment nang gabing iyon. Ang mga kaibigan niya ay parehong wala roon. Nagbasa muna siya ng aklat bago niya naisipang humiga sa kama. Pinilit niyang alisin sa isip si Marty, pero hindi siya nagtagumpay.

She got out of bed and got dressed. She took her smartphone at naisipang pumunta sa isang coffee shop.

## *A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

She entered the café without glancing around. She went to the counter and ordered a large cappuccino. Naramdaman niyang may tumabi sa kanya.

“Hi, Minnie! Puwede bang ako na ang magbabayad ng in-order mo?”

Biglang kumabog ang kanyang dibdib nang marinig ang familiar na bose. She glanced at her side and found Marty standing close to her, smiling broadly. She was awestruck upon seeing him.

“O, Marty, ’andito ka rin pala.”

He smiled. “Yeah. So, can I pay your drink?”

“Okay.” At nginitian niya ito.

Natuklasan niyang masarap din itong kausap, and they actually had a good conversation the last time they had dinner, at naalala niya ang pagtatanggol nito sa kanya laban kay Andrea. She'd feel at ease as long as hindi nito babanggitin ang gabling may nangyari sa kanila. Very awkward kasi, pero hindi niya makalimutan ang amoy nito, ang maiinit nitong halik at haplos, ang masusuyo nitong yakap.

*Oh dear, I have fallen into this man,* she realized. Sinubukan niyang alisin sa isipan ang tungkol sa intimate encounters nila. But she could not forget

the feelings that Marty stirred inside her.

Pagkatapos nitong bayaran ang kanyang in-order, he invited her to join him on his table. She nodded.

Napansin niyang may dala rin itong gadget gaya niya. “Still working?” tanong niya.

“Not exactly. Just doing something while sipping hot drink. Hindi kasi ako makatulog. How about you?”

“I couldn’t sleep, either. I was alone in the apartment, hindi pa kasi nakauwi ang dalawa kong kaibigan. So, I decided na lumabas na lang,” paliwanag niya.

“I’m glad you came here. You couldn’t say na nag-iisa ka pa rin,” he said smilingly.

“It doesn’t look like it,” she smiled back.

Itinabi na nito ang gadget at itinutok ang pansiñ sa kanya. “I’ve heard from Ann na taga-Cebu ka at naroon ang pamilya mo.”

“Oo. Sa Maynila ako nag-aryl ng kolehiyo at dito na rin nagtrabaho.”

“Hindi mo ba nami-miss ang pamilya mo?”

“Nami-miss, of course. Umuuwi naman ako

---

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

every Christmas at kapag nagka-time ako. Sometimes kapag miss ko silang masyado ay umuuwi ako during weekends.”

“Bakit hindi mo piniling doon na lang maghanap ng work after college?”

“I don’t like staying there anymore, simula nang matatay ang dad ko. The family is no longer complete and it only reminds me how I missed my dad kapag palagi kong nakikita ang bahay namin. Isa pa, busy din sa pagpapatakbo ng negosyo ng pamilya ang kuya at nanay ko, very rarely na lang kapag magkasama kaming tatlo.”

“Bakit hindi ka nag-work sa family business n’yo?”

“I wanted to be independent and work my own way. Isa pa, mas gusto ko rito tumira,” paliwanag niya at sumisim sa kanyang inumin.

Ayaw pa rin siyang tantanan ni Marty sa katatanong tungkol sa personal life niya. At nako-conscious siya by the way he looked at her. Pinilit niyang ilayo ang tingin dito para huwag matitigan ang lalaki, pero hindi niya maiwasan.

*Oh dear, he’s such a handsome man. Hindi nakakasawang titigan ang mata at mukha. Panakaw-*

tingin siya sa kaharap kapag hindi ito nakatingin sa kanya.

“So, dalawa lang kayong magkapatid?” untag nito sa kanya.

“Yeah. Nagtatawagan naman kami kapag may gustong sabihin sa isa’t isa. At kapag nandito sila sa Maynila ay nagkikita kami.”

“Paano ba sasabihin sa Cebuano ang ‘I love you’?”

“Ha?” She was surprised.

“Gusto kong matuto ng ilang words. I often go to Cebu dahil sa hotel ko roon at minsan para bisitahin si Uncle Sam, ang pinsan ng dad ko na roon tumira. So, ano sa dialect n’yo ang ‘mahal kita’?”

She knew it was a tricky word but what the heck, if he wanted to play with words ay sasakyan din niya ito.

“*Gihigugma ko ikaw,*” she answered without blinking.

Ngumiti ito nang malapad. “Ibig sabihin ay sinagot mo na ako? Sinabi mong mahal mo ako, di ba?”

Minnie giggled. “I only translated what you said,”

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

she defended herself. “Bakit naman kita sasagutin, nililigawan mo ba ako?”

“Nag-uumpisa na nga. And I made you say you love me.”

Pinigil niyang mapahalakhak. “Ganoon ka manligaw?” tanong niyang nakataas ang isang kilay.

Sasagot na sana ang lalaki nang may biglang lumapit sa kanila. “So Marty, is she the new fun of yours?” tanong ng matangkad, maputi at seksing babae na umagaw sa atensyon nila.

Pinatutsadahan siya nito ng tingin na mas lalong ikinainis niya. “Ano’ng ibig mong sabihing ‘new fun’?” Isang nang-uuyam na tingin ang ipinukol niya sa estranghera.

“Ofelia, what are you doing? Bumalik ka doon sa kagrupo mo at huwag mo kaming istorbohin,” sita ni Marty na may pagkainis sa tono.

Ngumiwi ang mukha ng babae, at bumaling ito sa kanya. “Well, dear, about your question, you are obviously new at gusto kong malaman mo that Marty likes having ‘fun’ with girls. Actually, he’s fun too especially in bed,” sagot nito at nginitian siya nang nakakaloko bago sila iniwan.

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

Nanlamig si Minnie sa sinabi ng babae. Para na rin siyang sinampal nito. Napatitig siya sa kanyang inumin, and she felt like running away from the place. She couldn't look at Marty in the eyes.

"I hope hindi mo na-misunderstood ang mga sinabi ni Ofelia," she heard him say.

"Ah, I think I have to go." Agad na nahawakan ng lalaki ang isang kamay niyang nakapatong sa mesa.

"Please, just stay and we'll talk."

Tumitig siya sa mga mata nitong nakikiusap. Tumango na lamang siya at bumuntong-hininga.

"Hindi ako santo. And part of Ofelia's words are true. But I haven't fell in love before, not until now. Maniniwala ka ba kung sasabihin ko sa 'yo na na-in love ako sa 'yo noong una tayong nagkita?" Pinisil nito ang kamay niyang hawak-hawak pa rin nito.

Nagitla siya sa instant revelation ng lalaki. Minnie tried to say something, pero walang katagang lumabas sa bibig niya. Nag-isip siya ng isasagot.

"Love at first sight? Pinapatawa mo yata ako. Obviously, you enjoyed in different women's company. Say the least, the one over there," turo niya. She caught Ofelia's angry stare at her. Sa tingin niya, she

*A Night with You - Eve Rodziewicz*

---

would be facing trouble if the woman was still after Marty. Obvious naman na may pagtingin pa rin ang babae sa kasama niya, the way her face softened kapag nakatingin sa lalaki.

“I had a short-lived relationship with Ofelia. Things didn’t work out between us. Ako ang nakipaghiwalay. I wasn’t happy with her, masyado siyang selosa at eskandalosa. Kung may nakakaussap akong ibang babae noon ay inaaway niya kaya hindi ako nakatiis. Masisisi mo ba ako?”

Oh, dear. If the woman was like Andrea, it’s better na umiwas siya kay Marty dahil ayaw niyang masangkot muli sa kahiya-hiyang eskandalo in public gaya ng nangyari sa restaurant.

“Minnie, are you okay?”

“I’m fine.” She forced a smile. She feigned a fake yawn. “Sa tingin ko, kailangan ko nang umuwi at para makatulog na.”

“Oh... p’wede ba kitang ihatid?”

“Hindi na. May dala akong kotse. Thanks.”